**San Diego Regional Center**
**Mga Pamantayan sa Pagbili ng Serbisyo**
***Mga Aktibidad na Pakikisalamuha-Libangan, Mga Serbisyo sa Camp, Mga Di-medikal na Terapiya, at Mga Serbisyong Pang-edukasyon***

**Mga Aktibidad ng Pakikisalamuha / Libangan at mga kaugnay na gastos sa pagbiyahe**

Kinikilala ng San Diego Regional Center (SDRC) na ang lahat ng tao, anuman ang kanilang kapansanan, ay nasisiyahan at nakikinabang sa pakikilahok sa mga oportunidad ng pakikisalamuha at libangan sa buong buhay nila. Para sa maraming kliyente, ang mga pangangailangan at interes sa pakikisalamuha/libangan ng isang indibidwal ay maaaring makamit sa pamamagitan ng natural na kapaligiran sa loob ng mga aktibidad ng kanilang pamilya o programa ng serbisyo sa tirahan. Bilang karagdagan, ang mga kliyente ay madalas na kasali sa mga aktibidad ng pakikisalamuha/libangan bilang bahagi ng kanilang mga serbisyong pang-edukasyon o pang-araw-araw na programa. Sa pangkalahatan, ang mga kliyenteng nasa hustong gulang, mga magulang ng mga batang nakatira sa bahay, o ang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga ng mga bata at matatanda sa mga pinagtatalagaang residensyal na pasilidad, ay may pananagutan, para ipagpursigi, at/o magbigay ng patuloy na mga oportunidad para sa mga aktibidad ng pakikisalamuha at libangan. Makakatulong ang Regional Center sa pagtukoy ng mga aktibidad at provider na available sa lokal na komunidad.

Ang mga serbisyo sa pakikisalamuha/libangan ay idinisenyo upang mapahusay ang mga oportunidad at kasanayan sa pakikisalamuha, na nagbibigay-daan sa kliyente na makilahok sa mga grupo at indibidwal na aktibidad sa tahanan at sa loob ng komunidad. Ang ganitong mga serbisyo ay naghihikayat sa mga kliyente na magsimula ng komunikasyon sa iba, magturo ng naaangkop na mga kasanayan sa pakikisalamuha, bumuo ng mga pagkakaibigan, at pagbutihin ang mga natural na suporta. Ang mga serbisyo sa pakikisalamuha/libangan ay itinuturing na limitado sa oras, na may pana-panahong muling pagtatasa, at nilalayon para sa mga kliyente na makuha ang (mga) kasanayan sa pakikisalamuha, pag-uugali, at/o libangan na tinukoy sa Plano sa Indibdwal na Programa (Individual Program Plan o IPP) o Plano ng Serbisyo sa Indibwal na Pamilya (Individual Family Service Plan o IFSP). Ang pagsusuri at pagpapasiya ng pangangailangan para sa libangan ng pakikisalamuha, kamping, at mga di-medikal na terapiya ay dapat na nakaugat sa proseso ng Plano ng Indibidwal na Programa (Individual Program Plan o IPP). Ang pagbibigay ng mga serbisyo sa mga kliyente at kanilang mga pamilya ay dapat maging epektibo sa pagtugon sa mga layuning nakasaad sa IPP, sumasalamin sa mga kagustuhan at mga pagpipilian ng kliyente, at sumasalamin sa matipid na paggamit ng mga pampublikong mapagkukunan. Ang mga mapagkukunan na nagbibigay ng mga outlet at serbisyo para sa mga oportunidad ng pakikisalamuha/libangan ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, pamilya, mga kaibigan, paaralan, mga residensyal na pasilidad, mga serbisyo sa araw, mga programa ng independiyenteng paninirahan at suportadong paninirahan, mga parke ng munisipalidad at mga programa sa libangan, at iba pang mga pangkaraniwang aktibidad sa komunidad at mga serbisyo.

Ang mga serbisyo sa pakikisalamuha at libangan ay maaaring ibigay, ayusin, o bilhin ng SDRC alinsunod sa ***Mga Pangunahing Pamantayan ng Serbisyo*** na nakabalangkas sa ***Mga Pamantayan sa Pagbili ng Serbisyo (POS) ng SDRC,*** at kapag natugunan ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

1. Ang kliyente ay may limitado o walang mapagkukunan sa pakikisalamuha o libangan katulad ng, o tulad ng nakalista sa itaas, na magagamit nila;
2. Ang pangangailangan para sa serbisyo ay tinutukoy sa IPP o IFSP ng kliyente at isang partikular na layunin/kinalabasan ay binuo ng pangkat ng pagpaplano kaugnay ng pangangailangan;
3. Ang tinukoy na serbisyo ay nakakatugon sa mga kinakailangang regulasyon sa Mga Serbisyo sa Nakabase sa Tahanan at Komunidad (Home and Community Based Services o HCBS);
4. Ang serbisyo ay hindi itinuturing na isang duplikasyon ng serbisyong nauugnay sa isa pang pinondohan na serbisyo.

Ang pagpopondo para sa transportasyon na nauugnay sa pag-akses sa mga aktibidad ng pakikisalamuha / libangan ay susuriin depende sa kaso.

Maaaring isaalang-alang ng SDRC ang pagpopondo para sa mga kinakailangang suporta upang mapadali ang makabuluhang pakikilahok sa mga aktibidad ng pakikisalamuha / libangan.

**<u>Mga gastos sa camp at mga kaugnay na gastos sa pagbiyahe</u>**

Ang mga gastos sa camp at mga kaugnay na gastos sa pagbiyahe ay maaaring ibigay, ayusin, o bilhin ng SDRC alinsunod sa ***Mga Pangunahing Pamantayan ng Serbisyo*** na nakabalangkas sa ***Mga Pamantayan sa Pagbili ng Serbisyo (POS) ng SDRC,*** at kapag natugunan ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

1. Ang pangangailangan para sa serbisyo ay tinukoy sa IPP o IFSP ng kliyente at isang partikular na layunin/kinalabasan ay binuo ng pangkat ng pagpaplano kaugnay ng pangangailangan;
2. Ang kakayahan ng kliyente na lumahok ay hindi nagkokompromiso sa kanyang kalusugan at kaligtasan;
3. Ang natukoy na camp ay nakakatugon sa mga hinihingi ng regulasyon ng HCBS;
4. Ang serbisyo ay hindi itinuturing na isang duplikasyon ng serbisyong nauugnay sa isa pang pinondohan na serbisyo.

Ang pagpopondo para sa transportasyon na may kaugnayan sa pag-akses sa camp ay susuriin depende sa kaso.

Maaaring isaalang-alang ng SDRC ang pagpopondo para sa mga kinakailangang suporta upang mapadali ang makabuluhang pakikilahok sa mga aktibidad sa camp.

**<u>Mga Di-Medikal na Terapiya</u>** (*kabilang ang, ngunit hindi limitado sa espesyal na libangan, sining, sayaw, at musika*) at **<u>kaugnay na mga gastos sa pagbiyahe</u>**:

Ang Mga Serbisyong Di-Medikal na Terapyutika ay maaaring ibigay, ayusin, o bilhin ng SDRC alinsunod sa **Pangunahing Pamantayan sa Pagbili ng Serbisyo** na nakabalangkas sa **Mga Pamantayan sa Pagbili ng Serbisyo ng SDRC**, at kapag natugunan ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

1. Ang pangangailangan para sa serbisyo ay tinukoy sa IPP o IFSP ng kliyente at isang partikular na layunin/kinalabasan ay binuo ng pangkat ng pagpaplano kaugnay ng pangangailangan;
2. Ang espesyal na serbisyo ay nakakatugon sa mga pamantayan sa regulasyon ng isang hindi medikal na terapiya na nakabalangkas sa Titulo 17;
3. Ang tinukoy na serbisyo ay nakakatugon sa mga kinakailangang regulasyon sa Mga Serbisyo sa

Nakabase sa Tahanan at Komunidad (Home and Community Based Services o HCBS);
4. Ang serbisyo ay hindi itinuturing na isang duplikasyon ng serbisyong nauugnay sa isa pang pinondohan na serbisyo.

Pakitandaan na ang tradisyonal na Okupasyonal na Terapiya (Occupational Therapy), Pisikal na Terapiya (Physical Therapy), Terapiya sa Pananalita (Speech Therapy), at Terapiya sa Pag-uugali (Behavior Therapy) ay itinuturing na Medikal na Terapiya at napapailalim sa iba't ibang pamantayan.

Ang pagpopondo para sa transportasyon na may kaugnayan sa pag-akses sa mga Di-Medikal na Terapiya ay susuriin depende sa kaso.

Maaaring isaalang-alang ng SDRC ang pagpopondo para sa mga kinakailangang suporta upang mapadali ang makabuluhang pakikilahok sa Mga Di-Medikal na Terapiya.

**Paggamit ng Mga Serbisyo na Idinidirekta ng Kalahok (Participant-Directed Services o PDS) para sa Pakikisalamuha-Libangan, Mga Serbisyo sa Camp, at Di-Medikal na mga Terpiya.**

Ang mga pakikisalamuha-libangan, camp, at mga di-medikal na terapiya ay maaaring mabili sa pamamagitan ng Serbisyo sa Pamamahala sa Pananalapi (Financial Management Service o FMS) kung ang provider ng mga serbisyong ito ay:

1) Hindi ibinebenta ng Regional Center; at,
2) Pangunahing inihahatid ang serbisyo ng provider sa mga indibidwal na hindi tumatanggap ng mga serbisyo ng regional center.

Ang FMS ay dapat gamitin para direktang bayaran ang tagpagkaloob at hindi para bayaran ang indibidwal o pamilya para sa halaga ng serbisyo.

**Mga Serbisyong Pang-edukasyon** (para sa mga batang 3 – 17 taong gulang ang edad)

Sa pangkalahatan, ang edukasyon ay responsibilidad ng sistema ng paaralan para sa batang nasa edad na para pumasok sa paaralan.

Ang mga serbisyo sa preschool ay idinisenyo para sa mga batang hindi bababa sa 3 taong gulang ang edad at may kasamang mga programa na partikular para sa mga batang may kapansanan sa pag-unlad na hindi karapat-dapat para sa isang programa sa pampublikong paaralan. Ang mga programa sa preschool ay dapat magbigay sa mga bata ng mga kasanayang kinakailangan upang magsimulang makakilos sa kapaligiran ng paaralan kabilang ang mga kasanayan sa pakikisalamuha, mga kasanayan sa komunikasyon, interaksyon sa grupo, mga kasanayan sa pakikinig at pagdalo, at mga pangunahing konsepto bago ang pag-aaral. Ang Regional Center ay maaaring bumili ng preschool na edukasyon kapag ang dokumentasyon ay ipinakita na nagpapahiwatig ng hindi pagkakaroon ng isang pinondohan ng publiko na programa sa pag-unlad/pang-edukasyon para sa bata. Ang isang programa sa preschool ay hindi nilalayon na magsilbi bilang pangangalaga sa bata para sa mga pamilya.

Naririyan ang Service Coordinator (Tagapag-ugnay ng Serbisyo) para dumalo sa mga pagpupulong ng Plano ng Indibidwal na Edukasyon (Individual Education Plan o IEP) upang tulungan ang kliyente at pamilya sa pagpaplanong pang-edukasyon. Ang mga serbisyong pang-adbokasiya ay ituturing bilang eksemsyon) kapag nagamit na ang lahat ng iba pang mga pangkalahatang serbisyo, gaya ng ombudsperson ng distrito ng paarlan, mga serbisyo ng legal aid, at mga SELPA. Ang mga Service Coordinator ay tutulong sa pagkonekta ng mga pamilya at bibigyan sila ng kakayahang na gamitin ang mga mapagkukunan ng komunidad tulad ng Tanggapan ng Adbokasiya sa mga Karapatan ng Kliyente (Office of Client Rights Advocacy o OCRA) at Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad (State Council on Developmental Disabilities o SCDD).

**Mga Ekespsyon**

Ang mga eksepsyon sa mga pamantayang ito ay isasaalang-alang depende sa kaso, at susuriin kasama ng Pangkat ng Pagpaplano. Kapag sinusuri ang isang kahilingan para sa eksepsyon, isasaalang-alang ng SDRC ang mga indibidwal na kalagayan, at mga pagsisikap na maghanap at lumahok sa mga karaniwang mapagkukunan.

## Awtoridad

Kodigo ng W&I Seksyon 4688.22

Kodigo ng W&I Seksyon 4519.5(a)(8)

Kodigo ng W&I Seksyon 4512

W&I Code Seksyon 4646

W&I Code Seksyon 4646.4

W&I Code Seksyon 4648.5

W&I Code Seksyon 4659

Huling ini-update noong 3/4/24
Inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ng SDRC 3/12/24
Nakabinbin ang pag-apruba ng DDS